REPUBLIKA NG PILIPINAS
PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA
TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN

KAPASIYAHAN BILANG 94-164

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY NG SANGGUNIANG BAYAN NG MUNTINLUPA ANG APLIKASYON NG NEW SAN JOSE BUILDERS, INC. PARA SA DEVELOPMENT PERMIT NG KANILANG NDC-SUCAT DEVELOPMENT PROJECT NA MATATAGPUAN SA WEST SERVICE ROAD, BARANGAY SUCAT, MUNTINLUPA, KALAKHANG MAYNILA.

*************************************************************

Ipinanukala nina: Kgg. Melchor R. Teves
Kgg. Reynaldo A. Abas, Jr.

*************************************************************

SAPAGKAT, ang New San Jose Builders, Inc. na may address sa Timog Avenue, Quezon City at kinatawan ni G. Jose Acuzar bilang Pangulo ay nag-aaply sa Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ng development permit para sa kanilang NDC-Sucat Development Project na matatagpuan sa West Service Road, Barangay Sucat, Muntinlupa, Kalakhang Maynila;

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagtibay ang Kapasiyahan Bilang 94-145 na ipinagkakaloob ang aplikasyon ng New San Jose Builders, Inc. para sa locational clearance ng kanilang NDC-Sucat Development Project;

SAPAGKAT, matapos ang masusing pagrerepaso ng kanilang mga plano, ang developer ay napatunayang sumusunod sa mga alituntunin ng P.D. 957, ang batas na siyang sumasakop sa gawaing ito;

SAPAGKAT, ang kanilang panukalang pagtatayo ng mga commercial buildings, condominiums, townhouses at park ay saklaw rin ng Section 18 ng R.A. 7279 na tinaguriang Urban Development and Housing Act;

SAPAGKAT, ang pagpapatupad ng nabanggit na proyekto ay makatutulong sa pagsulong ng kaunlaran sa Bayan ng Muntinlupa sa pamamagitan ng mga buwis na ibabayad nito sa Pamahalaang Bayan;

NGAYON, DAHIL DITO, sa bisa ng kapangyarihang ipinagkaloob (divolved) sa Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ng Housing and Land Use Regulatory Board (HLURB) ay napagpasiyahan na pagtibayin ang aplikasyon ng New San Jose Builders, Inc. para sa development permit ng kanilang NDC-Sucat Development Project na matatagpuan sa West Service Road, Barangay Sucat, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Lahat ng Kagawad ng Sangguniang Bayan sa kanilang ika-98th regular na pulong na ginanap ngayong ika-22 ng Agosto, 1994.

PINATOTOHANAN:

MGGL. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Pangulong Opisyal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

(Absent)
KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

TEL.NO. 842-04-22 LOCAL 51

SANGGUNIANG BAYAN



KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L.MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS,JR.
Konsehal

KGG. VICENTE Y. CHUA
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punong-Bgy.

KGG. MIGUEL LUIS F. RIOS,JR.
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang.Kabataan

PINATUTUNAYAN:

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY:

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan